



















ISANG PRELIMINARYONG PAG-AARAL NG TAGALOG SA RIZAL

Consuelo J. Paz

1 Ang Pagkakaintindi sa Terminong Dayalek

Sa karaniwan, ang terminong dayalek ang ginagamit kapag tinutukoy ang mga wika ng Pilipinas gaya ng Tagalog, Ilokano, Bikol at iba pa. Pero sa katunayan, ang dayalek ay isang uri lang ng isang wika kaya, mga wika talaga ang mga karamihang nakikilalang dayalek sa mga wika sa Pilipinas at may mga dayalek ang bawat wika. Ang bawat pagtitipon ng tao o komunidad ay masasabing may dayalek. Dahil sa laging pagkokomyunikeyt o pakikipag-usap ng mga myembro ng isang komunidad, nagkakaroon ng mga katangian ang salita nila na naiiba sa ibang komunidad. Halimbawa, sa isang pamilya, halos walang tigil ang komunikasyon ng mga myembro ng komunidad na ito. Kadalasan, gumagamit sila ng mga salitang may espesyal na kahulugan para sa kanila kaya't nagkakaroon sila ng isang uri ng wika na tanging kanila. Nagkakaroon tuloy sila ng dayalek na tanging kanila. Isa pang halimbawa'y ang mga samahan ng mga magkakaparehong propesyon tulad ng mga doktor. Gumagamit sila ng mga terminong panggamot o syentipiko na binibigyan ng kahulugang pang-araw-araw.

Itinuring ding dayalek ang mga wikang di-umano'y walang literatura. Kadalasan, ito'y pananaw ng mga mananakop na minamaliit ang kultura ng sinasakupan. Hindi nila binibigyang pansin ang mga likha ng sinasakupan nila lalo na't kadalasa'y hindi nakasulat ang literaturang kinakanta o sinasalita ng mga ito. Kasama na rito ang pananaw na mas mababang klase ang wika't kultura ng sinasakupan nila.

Ang karaniwang nakikilalang dayalek ay iyong uri ng wika na ginagamit sa mas malawak o mas malaking komunidad na sinasalita sa eryang jograpikal. Itong uri ng wikang ito ang bibigyang pansin sa papel na ito.

2 Mga Iba't-ibang Uri ng Tagalog

Kinikilala ng karamihan na me'y tatlo o apat na dayalek ang Tagalog: ang Tagalog ng Laguna, Batangas at Bulacan. Bukod dito, maidadagdag pa rin ang Tagalog ng Quezon. Sa katotohanan, meron pang ibang mga dayalek na di-gaanong nakikilala. Ang mga ito'y ang salita sa Bataan, Rizal, Nueva Ecija, Mindoro, Marinduque at iba pa. Sa karaniwan, nakikilala ang mga ito sa punto ng mga nagsasalita. Kaya lang, hindi lang punto ang nagpapaiba ng mga dayalek. Bukod dito, nagkakaiba rin ang mga ito sa kani-kanilang mga tunog, mga salita, ilang mga idyom, at kung minsan, me'y isa o dalawang pag-iibang sintaktik.

Isang layunin ng pag-aaral na ito'y suriin kung meron ngang dayalek na pansarili, o higit sa isang dayalek, ang kinikilalang probinsya ng Rizal. Bukod sa layuning ito, sisikaping makagawa ng dayalek-atlas ng Rizal. Ang dayalek-atlas ay mga mapang nagpapakita ng hangganan o sakop ng mga ilang napiling katangian ng isang dayalek katulad ng mga tunog, bokabularyo at mga pormang gramatikal. Sa pagsusuring ito, sisikapin ring pag-aralan ang mga pagkakaiba ng mga uri ng wika ng mga bayan ng lugar na ito, ang mga pag-iibang leksikal o lexical differences na ilalarawan sa dayalek-atlas na ipiprisinta rito.

Tinatag ang lugar na tatawaging Rizal (R) sa pagsusuring ito ayon sa mga historikal, politikal at jograpikal na katotohanan. Ang pangunahing konsiderasyon ay ang nananatiling hangganang politikal ng probinsya ng Rizal. Ang lahat ng mga bayan ng Rizal, maliban sa Las Piñas, Taguig at Parañaque, ay sakop ng pag-aaral na ito. Ang tatlong ito'y napag-aralan na sa ibang pagsusuri. Ang mga syudad ng Pasay, Manila, Kalookan, Quezon, Makati at San Juan ay tatawaging Greater Manila (GM). Ang salita rito'y gagamiting batayan sa pantulad ng mga salita ng R, at batayan sa pagkilala ng mga baguhang salita o inobasyon at ng mga luma o di na gaanong naririnig na salita. Ipinapalagay dito na iisa ang dayalek ng GM.

Kung bibigyan pansin ang hangganang jograpikal, makikita na maliban sa Nav at Mal¹, magkakadugtong ang mga bayan ng R. Ang hangganan ng R sa Silangan at Hilaga'y kabundukan. Ang Laguna de Bay ang hangganan sa Timog, at ang GM, sa

Kanluran.

Maaari ring itatag ang R sa pamamagitan ng katotohanang historikal. Sakop ng tinatawag na Rizal sa kasalukuyan ang dating kilala sa pangalang Distrito Militar de Morong na itinatag ng mga Kastila noong 1853. Ayon kay Felix Huerta², binubuo ang probinsyang ito ng mga bayan na dating sakop ng Manila at Laguna. Ayon sa report nya, ang mga hangganan ng Rizal noon ay ang Bulacan at Nueva Ecija sa Norte, ang Laguna sa Este at Timog, at ang Manila sa Weste. Kaya, hindi sakop ng Distrito Militar de Morong ang Nav at Mal. Bagamat itinatag ng mga Kastila ang pagsasama ng mga bayang ito, ang ilan sa mga ito'y nananatili na noong pang ikalawang parte ng ika-16 na siglo³.

Unang itinatag ng mga Kastila ang Morong noong 1578. Mey limang baryo ang Pililla na nasa Tanay, Tigbi, Quirino, Yacat at Jalajala na naroon na noong 1583. Humiwalay ang Tanay sa Pililla noong 1606. Ang Baras naman ay itinatag noong 1595. Bisita ng Morong ang Binangonan hanggang 1621.

Hindi siguro naitatag ng mga Kastila ang mga bayang ito kung walang mga aktibong komunidad sa mga nasabing lugar. Bukod dito, mayaman ang mga lugar na ito sa paligid ng Laguna de Bay sa mga nakuhang artifaks ng buhay bago pa dumating ang mga Kastila. Malamang hindi pa nahuhukay lahat ang ebidensyang arkyolohikal dito.

Kahit na nabubukod ang mga nasabing lugar ng mga hanggananang jograpikal o natural sa tatlong tagiliran tulad ng leyk at mga bundok, hindi masasabing lubos na nakabukod ang R. Madaling marating ang alinmang bayan dito noon man at mas lalo pa ngayon o kaya'y madali namang makarating ang mga tagaroon sa mga sentro kagaya ng Manila o Pasig. Mey mga natural na hadlang man, tulad ng mga ilog Pasig at Marikina, madaling tawirin ang mga ito at kung tutuusin, ginagamit pa itong daang patungo sa mga bayan-bayanan na nakabaybay rito.

Ayon kay Huerta, kahit na noong panahong iyon, ang lahat ng mga bayan ng R ay mey daan na papasok at tuluyang palabas. Ang mga daang ito ang nagdugtong-dugtong ng mga ito. Ayon sa kanya, nakakatanggap ng koreyo ang lahat ng bayan ng

Distrito de Morong. Dinadala ng mga mamamayan ang mga produkto nila, mga produktong agrikultural at yaring bahay, sa kapitolyo ng Pasig para maipagbili.

Dapat sigurong nahugis ang isang dayalek ng R na halos homogeneous dahil sa kadalian na marating ang bawat bayan at sa kalapitan nito sa Manila. Hindi maaaring maliitin ang impluwensya ng salita ng Manila o GM dahil ang Manila'y sentro ng komersyo at edukasyon. Hindi siguro sadyang alam ng mga naiimpluwensyahan ng GM na sila'y napapagaya sa lumalaganap na dayalek nito. Maliban dito, totoong sadyang iniwasan ng mga tagaprobinsya o ng mga naninirahan sa maliliit na komunidad na matatakan sila na mababang uri dahil sa katutubong dayalek nila. Dahil dito, nagagaya nila ang GM kahit hindi nila sadyang alam ito. Dapat sanang naging pabor ang nabanggit sa pagdebelop ng isang dayalek na gamit sa buong GM o R, o kaya, sa R man lamang. Kasalungat nito, maraming malilistang mga salitang di-gamit sa GM pero gamit sa R at ang kabaliktaran nito. Bukod dito, meron ding maililistang mga salitang iba sa bawat bayan. Kaya, hindi gaanong problema ang pagpapakita ng kaibahan sa ibang mga uri ng salita sa R. Ang mas malaking problema'y ang pagsusuri kung ilan ang mga dayalek o sabdayalek ng R, at kung ano ang kabuluhan nito sa buhay ng mga tao roon.

Gumamit ang reserch na ito ng isang listahang may 204 na salita, mga sentens at mga ekspresyong idyomatik o idiomatic expression para makahango ng mga salitang nagpapatunay sa pagkakaiba ng mga sinusuring salita.⁴ Hindi na sinali pa rito ang konsiderasyon ng pag-iiba ng ilang tunog at ang mga punto ng bawat bayan. Buhat sa listahang ito, 33 na aytem ang pinili batay sa kaugnayan nila sa reserch na ito. Dalawang impormant, isang may edad na at isang bata-bata, para bawat bayan ang ininterbyu. Ginawa ito dahil inaasahang makakahango ng mga salitang karaniwang ginagamit, mga salitang di na masyadong ginagamit o archaic forms at mga salitang hiram sa ibang dayalek ng Tagalog. Sa ilang lugar, isang grupo ng impormant na magkakaibang gulang at okupasyon ang ininterbyung sama-sama na di-sadyang tinipon, halimbawa, mga grupong nakatipon sa harap ng isang tindahan. Sa ganito'y nakahango ng salitang impormal o natural na ginagamit. Sa pamamaraang ito, naiwasan din ang pilit o sadyang inisip na salita. Nakahango rin ng karagdagang impormasyon gaya ng mga sinonim at

homonim sa pamamagitan ng pag-iinterbyu ng grupo.

3 Mga Pagkakaiba

Sa una't-una pa, napansin kaagad na sa bawat bayan may mga salitang halos gamit lamang doon. Mahirap iwasan na kaagad magmungkahi na may apat o di-kaya'y limang dayalek ang R. Ilang halimbawang naglalarawan ng sitwasyong ito ang babanggitin dito.

Sa Mal, ang sinasabi nila'y **ulaw** sa halip na **suya** na syang gamit sa mga ibang bayan ng R at GM. Sa Nav, tinatawag na **silyaw** ang **mangkok**. Ang tawag doon sa pagliligpit at paghuhugas ng pinagkainan ay **maghawan**, hindi ang mas gamit na **magligpit** o **mag-urong**. Kahit na ginagamit ang salitang **usok**, meron silang salitang **asap** na pareho rin ang kahulugan. Ang saging na **latundan** ay tinatawag nilang **katundal**. Sa Mon, mas gamit nila ang **humahamog** (mahinang ulan) keysa sa **umaambon**. Ang tawag nila sa **isis** ay **pakiling**. Sa Ang lang maririnig ang "**Bibira ako bukas**" na katumbas ng "**Babalik ako bukas**" (sa ibang lugar ng R, ang ibig sabihin ng **bibira** ay **susuntok**), at **kalamunde** o **kalamunding** imbes na **kalamansi** ang maririnig dito. Naiiba ang Ang, SnM at Tay sa pagbabaligtad ng kahulugan ng mga salitang **bagang** at **panga**. Sa tatlong bayang ito, ang **panga** ay ngipin na malaki at ang **bagang** ay ang mga tagiliran ng mukha. May isa pang salita sa Tay na ganito: ito'y iyong **mainam**. Ang ibig sabihin nito sa Tay ay **pangit**. Kapag sinabi ng taga-Tay na "**Bang inam mo**," hindi ka niya pinupuri. Ang ibig sabihin nito'y pangit ka. Bibigyan ng mas malawak na pansin ang Tay sa ibang parte ng papel na ito. Sa Pat, ang tawag nila sa mainit-init na tubig ay **malakuku** sa halip na **malahininga** o **maligamgam**. Sa bayang ito at sa katabing bayan ng Pas, ginagamit ang **magsamsam** sa halip na **mag-urong** (ng pinggan). Sa ibang lugar ng R, ginagamit ito sa damit, kaya't sinasabing, "**Ako ang nagsamsam ng sampay o kinula**." Pero sa Pas lang maririnig ang **bulandal**; ito ang tawag nila sa matandang dalaga. Ang salitang **mangangasalan** ay maririnig lang sa Ant; ito ang salitang ginagamit doon para sa **makikipagkasalan**. Itong aksyong ito ay **mamamalae** naman sa Tay. Sa Car, ang tawag sa **hikaw** ay **panahinga** at ginagamit nila ang **tingni** at **tangni** sa halip na **tingnan** at

tangnan. Ang taong walang buhok o **kalbo'y** tinatawag na **upaw** at ang tawag sa **sitaw** ay **gulay**. Dito, ang **sulu** ay **huwipi** at ang **pango** o **sarat** ang ilong ay **kurapa**. Kaparis ng Car, gamit rin ang **panahinga** sa Mor pero sinasabi rin nila ang **hikaw**. Sa bayang ito, ang **kalamansi** ay **kalamunding**. Sa Bar, ang **ipis** ay **kuraratsa** na hango sa Kastilang **cucaracha**. Sa Tan, ang tawag sa **pipe** o taong hindi makapagsalita'y **budo**. Ang **nakakakiliti** sa Pil ay **maligawgaw** at iyong **upaw**, na **kalbo** sa Car ay hindi ginagamit sa tao; ito'y tawag sa mais na walang butil. Sa bayang ito, sinasabi ang **bangrikit** kapag hindi gaanong maganda ang nakikita, pero sa Pil, napakaganda ang ibig sabihin nito. Sa Jal, ang tawag sa **pango** o **sarat** ay **pisngot**.

Dahil ganito ang sitwasyon sa R, mey kahirapan pagpatibayin ang mga hangganan ng mga lugar na parehong-pareho ang dayalek. Kaya, pinag-aralan ang posibilidad na kung maaaring makatatag ng relik erya. Mga lugar ito na hindi inaabot ng mga inobasyon o kaya, mga lugar na nagresis ng pagtuloy o pag-unlad ng mga aysoglos o isogloss. Ang aysoglos ay isang di-nakikitang linya na nagmamarka ng hangganan ng paggamit ng isang aytem ng wika. Sa pagtatag ng relik erya, malalaman tuloy kung alin ang nakakatandang dayalek o salita man lamang. Itong nakakatandang dayalek ang malamang na beysik dayalek. Nagsimula sa beysik dayalek na ito ang naiibang dayalek at napaiba sa mga pagbabagao sa wika. Sa pagmamapa ng takbo ng mga aysoglos, makikita na nagtitipon-tipon ang mga ito at sa mga rul na magpapakita ng pagbabago ng wika, makakapagmungkahi ng hangganan ng beysik na dayalek. Iyong pinakamakapal na pagtitipon o pagkukumpul-kumpol, kasama nito ang pag-iiba ng mga rul, ang indikasyon ng hangganan o boundary ng isang dayalek. Ang lugar na nakasakop sa isang kumpol na aysoglos o bundle of isoglosses ang tinatawag na relik erya.

Bago suriin kung meron ngang mga relik erya at kung nasaan ang mga ito, ang unang keylangan itatag ay kung meron ngang pansariling dayalek ang R. Gaya ng nasabi na, nabubukod ang eryang inimbistigahan sa pamamagitan ng konsiderasyong jograpikal gaya ng mga bundok at ng Laguna de Bay. Bukod dito, binigyan ding pansin ang mga hangganan politikal, kaya't naisali ang Nav at Mal sa reserch na ito. Sa ngayon,

kasama ang mga ito sa probinsya ng Rizal. Ang ebidensyang leksikal ang maliwanag na nagpapakita ng kaibahan ng GM at R. Nilalarawan ito ng mga Mapa A1-3. Halos lahat ng bayan sa R ay gumagamit ng salitang **mag-urong**, **magligpit** at **maghugas** ng mga kinainan, samantalang sa GM, ang terminong ginamit na katumbas nito'y **magligpit**. Pero sa Nav, SnM, Mon at Pil, parehong ginagamit ang **mag-urong** at **magligpit**, kaya lang, nakakalamang ang **mag-urong**. Sa Jal, ang ginagamit ay **magligpit**, gayon din sa Pas at Pat, kaya lang, maririnig din ang **magsamsam**. Sa Bin, ginagamit din ang huling nabanggit. Kakumpol ng aysoglos ng **mag-urong - magligpit** ang aysoglos ng **maligamgam - malahininga** na ginagamit para sa tubig na mainit-init. Tumigil naman ito sa Mar at hinihiwalay ito, kasama ng Pat, Pas at Ca, sa mga ibang bayan ng R maliban sa Ang at Pil. Sa Pil, parehong gamit ang **maligamgam** at **malahininga**. Sa Ang naman, tulad ng GM, **maligamgam** ang ginagamit. Ang salitang **sapul** sa halip ng salitang **umpisa** (GM) ay isa pang katibayan ng R. Ang Ant, Ang at Bin lang ang hindi gumagamit ng **sapul**. Sa Ter naman, parehong maririnig ang **sapul** at **umpisa**.

Tumatakbong patungong SnM at Mon ang isa pang pagtitipon ng mga aysoglos na nagtatakda ng pag-iiba ng R sa GM. Nakatigil ang aysoglos na **lilipot - hahakbang** sa pagitan ng mga bayan ng R na nasa paligid ng GM: ang Pat, Pas, Mar, SnM, kasama rin ang Mon. Ang mga ibang bayan ng R maliban sa Bin, na tulad ng GM, ay gumagamit ng **hahakbang** (Mapa A2). Tatlo pang aysoglos ang nakatumpok dito, ang **bang - ang**, **kaon - kuha** at **hane/hana**. Ang naunang dalawa'y tumatakbo buhat sa Ca hanggang Mon at hinihiwalay rin nito ang Ang at Bin sa ibang bayan ng R. Sa Ang, **bang** ang ginagamit sa halip na **napaka**, halimbawa, **bangganda**, **banlikot**, **bandami**, **bangyabang** at iba pa. Bin lang ang nahiihiwalay sa paggamit ng **kuha**; sa lahat ng bayan buhat sa Tay at Ant hanggang Jal, **kaon** ang ginagamit. Mahalagang kaibahan ng R sa GM ang **hane/hana**. Mahirap ito bigyan ng kahulugang leksikal kaya, tignan na lang natin ang ilang halimbawa:

- (1) **Matulog ka na, hane.**
- (2) **Bigyan mo ako nyan, hane.**
- (3) **Ikaw na ang bahala dyan, hane.**
- (4) **Tayo na, hane.**

Maaari sigurong tumbasan ng **ano** (GM) ang **hane** sa ikalawa't ikatlong sentens, pero sa una't huli'y hindi. Madalas gamitin ang salitang ito sa R parang mas nakakakumbinsi ng kausap at kung minsan, parang kinagawian na lang. Halos lahat ng bayan sa R, gumagamit nito maliban sa Nav, Mal, Pat, Pas, Mar, Ang, at Bin na halos nakapaligid sa GM. Sa Mon, SnM, Ca, at Tay, **hana** ang pagbigkas nito.

Mga iba pang aysoglos na nagkukumpulan at nagpapakita ng kaibahan ng R at GM ang **kingke** - **butotoy**, **lukban** - **suha** at **maglandi ng tubig** - **maglaro ng tubig** (Mapa A3). Ang mga bayan na malapit sa GM ay naimpluwensyahan sa paggamit ng **kingke**, **suha** at **maglaro ng tubig** pero nakaresis ang mga mas malalayong bayan sa impluwensya o sa mga inobasyong ito na galing sa GM. Kaya sa Nav, Mal, Pat, Pas, Ca, Tay, at Ang, ginagamit ang salitang **kingke** o kaya **gasera**, samantala sa mga ibang bayan ng R, **butotoy** ang ginagamit maliban sa Jal at Tan na **gasera** ang ginagamit. Sa Mor, Mar, at Mon, parehong naririnig ito. Ang aysoglos naman ng **suha**, umabot sa Mor at Car at nasakop ang mga bayan sa baybay ng Laguna de Bay: ang Tay, Ang, Bin, Pas, pati na ang Ca. Sa mga bayan na bandang loob, gamit ang **lukban** na maririnig din sa mga bayan ng Laguna. Sa Mor, parehong ginagamit ang dalawang salitang ito. Ang aysoglos ng **maglandi ng tubig** ay halos pareho ng sa **suha**. Sinasakop nito ang Pas, Ca, Tay, Ang, Bin, Pil at Jal.

Nahahati ang R ng isa pang pagtitipon ng aysoglos. Nakarating ang mga inobasyon ng tumpok na ito sa Ant, Ang, at Bin. Ginagamit ang **latek** sa kalahati ng R na bandang GM, pero ang **kalamay hati** naman, sa kalahati na bandang Laguna. Kaya sakop ng **kalamay hati** ang Bin, Ter, Car, Mor, Bar, Tan, Pil, at Jal. Ang **kita/kata** (ikaw at ako) na aysoglos ay halos pareho ng sakop ng **kalamay hati**, kaya lang, maririnig din ang **kita** sa Pas, at Mar. Sa Jal, Ca, Tay, Ant, SnM, Mon, Mal at Nav, maririnig ang **tayo** kung ang ibig sabihin ay 'ikaw at ako', o kaya 'ikaw, ako at sya/sila' tulad ng GM. Halos pareho rin ng dalawang naunang aysoglos ang **bulo/bul'o** - **guya**. Kaya lang, mey mga bayan na parehong ginagamit ang dalawang ito. Sa Pil, Nav at Mal, maririnig ang **bulo** at **guya**. Sa Car, Ter, Mor at Pil, **bul'o**⁵ ang maririnig, gayon din sa Tay, Jal, Nav, at Mal, kaya, lang **bulo** ang pagbigkas nila rito.

Naipakita sa nakaraan na diskusyon na may mga kaibahan ang R at GM na hindi maaaring di-pansinin. Ito'y nagbibigay ng katunayan na may sariling dayalek ang R. Nagpapatunay rin ito na mahirap magtatag ng mga sabdibisyon sa loob ng R dahil hindi pare-pareho ang takbo ng mga aysoglos at sa kadalasan, mga bahagi lang ng aysoglos ang nagtitipon-tipon at hindi sa kahabaan ng dinadaan ng mga ito. Itong di-matatag na pagtitipon o fluctuating isoglosses at iyong pag-iibang leksikal ng bawat bayan ang rason kung bakit naisip ang posibilidad na may mga relik erya sa lugar na ito at kung talagang may ibang dayalek ang R. Ang mga lugar na nagresis sa mga inobasyon na galing sa mga eryang ginagalang o prestigious areas ang pwedeng konsiderahin na relik erya. Sa kabila naman nito, meron din namang mga transisyon erya o mga eryang patungo sa pagsasakop ng ibang dayalek. Kapag pinag-aralan ang pagmamapa ng mga aysoglos, makikita na meron ngang mga erya na mas maraming naiibang salita o kaya, mga salitang hindi na ginagamit sa mga eryang mas naiimpluwensyahan ng mga sentro tulad ng GM.

Pagkatapos pinag-aralan ang pagtitipon ng mga aysoglos, nalaman na nagkumpulan ang mga ito sa mga hangganan ng Pas-Tay, Ca-Tay, Ant-Tay, Ant-Ang, Bin-Ter, Bin-Mor, Bin-Car, Ant-Ter, Ant-Tan, Tan-Mor, Tan-Bar at Tan-Pil. Nasa paligid ng mga bayan ng Ter, Mor, Car at Bar ang pinakamakapal na kumpulan. May kumpulan din na namamagitan at naghihiwalay sa Ant at sa mga kapit-bayang Ter, Tan, Ang at Tay. May dalawa pang kumpulan na keylangan bigyan pansin: iyong namamagitan sa Tay at sa mga kapit-bayang Pas at Ca at iyong namamagitan sa Tan at Pil. Makikita sa Mapa B ang mga lugar na kung saan pinakamakapal ang kumpulan ng mga aysoglos. Ang mga itim na guhit ay hindi laging naglalarawan ng tunay o kumpletong daan ng mga aysoglos. Karaniwa'y bahagi lang ito ng mga aysoglos na patungo sa iba't-ibang lugar.

Nang nasuring maigi ang kumpulan ng mga aysoglos at ang mga iba't-ibang bagay na sosyolohikal at jograpikal, nagkaroon ng katuwirang imungkahi na may dalawang relik erya sa R. Tatawaging R_1 at R_2 ang mga ito. Sakop ng R_1 ang Ter, Mor, Car at Bar at ng R_2 ang Tay.

Ngayon, kapag may mga aysoglos na nakapaligid sa isang erya kaya ito nakakulong at ang eryang ito'y isang eryang ginagalang, ito'y tinatawag na pokal erya. Ang mga aysoglos na nakapaligid sa pokal erya'y tumatakbong palabas mula sa puntong pokal. Sa kabila nito, kapag naman nakakulong ang isang erya na iniwasan ng maraming aysoglos na galing sa puntong pokal, ito'y isang relik erya. Maaaring dumating ang panahon na hindi na lumalaganap ang mga salitang kinakatawan ng mga aysoglos. Kapag nangyari ito, matatawag na fixed o nakatigil na aysoglos ito. Minumungkahi ko na ang nangyari sa mga salitang gamit lang sa isa o dalawang bayan ay mga aysoglos na nakatigil, halimbawa, iyong mga naririnig lang sa R_1 at R_2 . Dahil hindi naman masasabing eryang ginagalang ang mga bayan sa dalawang eryang ito, ang mga inobasyon, kung meron man, na nagsisimula dito'y hindi na nakakaimpluwensya sa mga ibang bayan. Maipapalagay na nagshif ang eryang ginagalang at sa ganito, ang dating pokal erya ay naging relik erya. Dahil natanggihan ang mga inobasyong galing sa ibang pokal erya, ang relik erya'y parang isang isla kaya, kung minsan, tinatawag itong dialect island.⁶

Ang R_1 na dating sentro ng distrito noong panahon ng Kastila at malamang pokal erya noon ay naging relik erya pagkatapos ng matagal na panahon. Makikita ito sa takbo ng mga aysoglos sa mga Mapa C at D. Kung kokonsiderahin ang mga salitang halos doon lang naririnig tulad ng **sintang**, **magkakangay**, **tipu**, **kulig**, **amba**, **inda** at ang hindi gaanong pagtanggap ng mga inobasyong galing sa labas, kaya't maraming aysoglos na nakaiwas sa lugar na iyon tulad ng **guya**, **nanay**, **palitaw**, **ate**, **timba**, **mungo** at iba pa, hindi mahirap tanggapin ang minumungkahi na relik erya ang R_1 . Ganitong paliwanag din ang mabibigay para sa R_2 .

Bigyan natin muna ng pansin ang R_1 . May mga ebidensyang labas sa larangang linggwistika na nagpapatibay na ang dayalek na ginagamit sa R_1 ay nakakatanda sa ginagamit sa ibang bayan ng R maliban sa R_2 .

Kapag inusisa ang ebidensyang historikal, makikita na sa R_1 itinatag ang Distrito Militar de Morong dahil siguro ito ang sentro ng populasyon noong panahong iyon. Kaya lang, sa katagalan, naiwanan ang mga bayang ito ng mga katabing bayan sa pag-

unlad. Ang dalawang katabing bayan na nagprogreso'y ang Bin at Tan. Ang Bin, na noong una'y isang bisita lang ng Mor at halos hindi masuportahan ang mga taong-bayan sa konting produktong agrikultural,⁷ ay naging isang industriyal na bayan noong nagkaroon ng gawaan ng semento roon. Ang bayang ito'y mey diposito ng apog. Dahil sa gawaan ng semento, nagkaroon ng maraming dayuhan na nagsitrabaho roon na galing sa ibang bayan ng R at sa mga ibang probinsya. Kaya tuloy nagkaroon ng malaking pagkakaiba ang salita sa bayan na ito dahil sa mga inobasyong galing sa mga hindi katutubong tagaroon. Ang karamihan sa mga inobasyong ito'y tumigil sa hangganan ng R_1 . Nakakapagtaka ito dahil napakadaling marating ang Car at Mor, kahit na ang Bar, ng isang galing sa Bin. Ang mahirap-hirap sigurong marating, lalo na noong unang panahon, ay ang Ter dahil ito'y nasa mabunduking lugar. Kung gayon, nagkaroon ng resistance o di-pagtanggap ang R_1 sa mga inobasyon na galing sa ibang lugar. Ang pagpigil sa paglaganap ng mga aysoglos ay makikita sa pagkumpul-kumpol ng mga aysoglos sa hangganan ng R_1 . Labing-walong aysoglos ang nakatigil sa hangganan ng Ter at Ant, 20 sa hangganang Ter-Ang, 17 sa pagitan ng Mor at Bin, 16 sa Car-Bin, 16 sa Bar-Tan at 16 sa Mor-Tan.

Halos ganito rin ang sitwasyon sa Bar, Tan at Pil. Di-gaanong malawak ang bukid na namamagitan sa mga bayang ito. Gayon pa man, makapal ang pagkumpul-kumpol ng aysoglos sa hangganan ng mga ito. Mapupuna rin na nangunguna ang Tan, isang progresibong bayan, sa mga kalapit-bayan ng Bar at Pil. Dinadala pa sa Tan ang mga kalakal ng taga-Pil at dito rin sila namamalengke. Dahil sa kalawakan ng lupa na matatamnan sa Tan, marami na ring dayuhan doon, lalo na't may homestead na nasasakaroon. Tulad ng Bin, ang mga tagalabas ang naging hanguan ng mga inobasyon sa wika na lumaganap doon. Ang mga pag-iiba naman ng Ter sa Ant at ng Mor sa Tan, maibibintang sa kabundukan sa paligid ng mga ito.

Bago suriin ang pag-iibang leksikal, dapat banggitin muna ang isang kapunang-punang pag-iiba na kahit na tungkol ito sa mga tunog na hindi nga sakop ng pag-aaral na ito, ay dapat mabanggit dahil nagpapatibay ito sa pagtatag ng R_1 . Sa Ter, Mor at Car, mey isang grupo ng salita na binibigkas na mey **r** sa halip na mey **d**. Ang huli'y syang

bigkas sa ibang bayan ng R at sa GM. Ang penomenon na ito'y hindi naman nangyayari tuwing mey **d** ang salita sa R o GM. Mga halimbawa'y **ringring - dingding, ribrib - dibdib, gaor - gaod, bunrok - bundok, raan - daan, narapa - nadapa, ragrag - dagdag, baklar - baklad, rati - dati, bakor - bakod, lakar - lakad**. Sa mga sumusunod naman, ang **d** ang ginagamit: **dali, daan** (bilang), **darak, turdan, diladila** at iba pa. Dahil hindi ganito ang pangyayari sa Bar, maaaring isipin na ito'y hindi sakop ng R₁. Kaya lang, makapal ang kumpol ng mga aysoglos sa pamamagitan ng Bar at Tan, samantalang di-gaano ang dami ng aysoglos na naghihiwalay ng Bar at Mor. Kaya't ang malaking pagkakapareho ng mga salita o ng ebidensyang leksikal sa Bar at sa tatlo pang bayan ng R₁ ang masasabing malakas na katibayan para isali ang Bar sa R₁. Keylangan din sabihin dito na mey nalalabing **r** sa mga ilang salita sa Pil na halos nawawala na. Sa salita ng mga mey idad na lang maririnig ito at hindi na rin ito masyadong laganap sa salita nila. Halimbawa, paminsan-minsan maririnig ang salitang **lumalakar** o kaya **bakor** sa halip na **lumalakad** at **bakod**. Malamang ang katangiang ito'y laganap sa buong R o sa mga bayan man lang na nakapaligid sa R₁ at nawalang unti-unti, kaya't sa R₁ na lang at sa ilang salita sa Pil ito maririnig.

Kung gayon, keylangan suriin ang mga katibayang leksikal para maipagtanggol ang pagtatag ng R₁. Ang ilan sa mga leksikal aytem na pinili upang maipakita ang kaibahan ng R₁ ay maririnig din sa mga ilang bayan lang na malapit nga sa R₁ pero sa kadalasan hindi nito katabi. Kaya't sa mga hangganan ng eryang ito, nakaiwas ang mga aysoglos ng mga inobasyon na galing sa ibang lugar.

Totoong mahalaga ang mga leksikal aytem na mey kinalaman sa pagkakamag-anak o kinship dahil ang pagtatawag sa **akakatanda'y** isang katangian ng kultura natin sa Pilipinas. Tatlong aytem ang mapapansin na tumutulong sa pagdisisyon sa pagkakaiba ng R₁: ang **kaka, amba** o **tata**, at **inda** o **pupu/papu**. Sa Ter, Mor, Car at Bar, ang tawag sa pinakamatandang kapatid na babae'y **kaka**. Sa gayon, makikita na hindi lumaganap dito ang salitang **ate** na ginagamit sa buong R. Sa R₁, maliban sa Bar, ang tawag sa ama ng ama ay **amba** at hindi **lolo** o kaya **lelong** na syang ginagamit sa mga ibang bayan ng R maliban sa Tan. Sa Bar, **tata** ang ginagamit at ang ibig sabihin ng **amba** sa bayang

ito'y ninong sa kasal. Sa Mor at Car, ginagamit ang **tata** sa pagtawag ng **ama**. Ipinapakita nito na ang inobasyong **lolo** ay hindi pa tinatanggap sa R_1 at hindi pa rin sa kalapit-bayan ng Tan. Halos ganito ang kalagayan ng aytem para sa ina ng ina. Ang inobasyong **lola** ay hindi pa rin gamit sa R_1 . **Inda** ang tawag sa kamag-anak na ito sa Mor, Car at pati na rin sa Tan, at **pupu** naman sa Ter. Sa Mor, magkakumpitensya ang **inda** at **pupu**. Sa Bar naman, ang tawag sa kamag-anak na ito'y **nanang**. Ang **inda**, tulad ng nasabi para sa **amba**, ay ginagamit sa pagtawag ng ninang sa kasal.

Tinatawag na **sintang** sa Ter, Mor at Car, pati sa Tay ang bilog na lalagyan ng tubig na mey hawakan, na sa karaniwan ng bayan ng R ay tinatawag na **timba**. Tulad ng nabanggit na, ang **hikaw** sa Ter, Car at Mor, tinatawag na **panahinga**. Sa tatlong bayang ito ng R_1 , tinatawag na **magkakangay** ang dadalo sa kasalan. Ang taong kulang ang mga ngipin ay tinatawag na **tipu** sa Ter, Car at Bar. Sa Bar, nagkukumpitasyon pa rin ang **tipu** at **bungal**. Naririnig din ang **tipu** sa Pil. Sa ibang bayan ng R, **bungi** ang karaniwwan na maririnig at ginagamit ang **bungal** kapag ang ibig sabihin ay halos wala na lahat ang ngipin. Sa Mor, Car at Bar, maririnig ang **kulig** sa halip na **biik** o **buwik**. Gamit din ang **kulig** sa Pil at Jal. Sa halip na **munggo** (maliit na bilog at berdeng butil), **balatong** ang tawag nila rito sa Ter, Mor at Bar, gayon din sa Pil. Sa mga ibang bayan ng R, mas malalaki ang butil ng **balatong** at ang kulay nito'y puti. Ang **munggo** sa R_1 ay pula at malaki rin ang butil nito. Ito ang hinahalo sa halu-halo. Iyong **sitaw** na maiigsi, mas malutong at mas berde'y kilalang **pinugo** sa Ter at Car. Sa halos lahat ng mga bayan ng R, **sitaw** rin ang tawag dito pero sa Tan, Pil at Jal, ang tawag dito'y **ayap**.

Pag-aaralan naman natin ngayon ang minumungkahing R_2 (Mapa D). Kapag ineksamen ang mga leksikal aytem na nagbibigay ng kaibahan sa bayan ng Tay, makikita na napakarami ang malilistang pagkakaiba ng mga salita rito sa salita ng mga kalapit-bayan ng Ca, Ant at Ang at gayon din sa mga iba pang bayan ng R. Hindi na keylangan pang bigyan pansin ang punto at mga tunog na maaaring gamitin ding katibayan sa pagkakaiba ng R_2 dahil, sa palagay ko, ang pagkakaibang leksikal ay sapat nang katibayan. Halimbawa, ang salitang **mainam** sa Tay ay **pangit** sa ibang bayan ng R at GM. Ang makikipagkasalan ay **mamamalae** sa Tay. Ang kapatid ng magulang o kaya

ng mga magulang ng mga magulang ay tinatawag na **unte**. Kinakabitan ito ng pangalan tulad ng **Unteng Maria** o **Unteng Juan**. Gumagamit na ngayon ng **tiya** o **tiyo** ang mga bata-batang tagaroon pero laganap pa rin ang **unte**.

Makikita sa sumusunod na listahan ang ilan pang kaibahan na nagpapatibay sa pagiging relik erya ng R_2 na kasama ang katumbas ng mga ito sa ibang lugar o kahulugan ng salita sa R_2 .

R_2	IBANG LUGAR
ayaw-ayawin	- hati-hatiin
aretes	- hikaw
galapong	- 1) giniling na bigas na binasa na ginagamit sa paggawa ng kakanin 2) kakanin na ang sangkap ay arina at asukal
adya!	- Buti nga!
nangangasawa	- ang pagkakapit ng anumang likwid sa tabi ng pinaglalagyan kapag ito ay binuhos
igos	- okra
bakaya	- bakya
payapak	- papak

Mey mga iba pang salita ang R_2 na ginagamit man sa ibang bayan, iilan lang ang mga iyon at sa karaniwa'y mga hindi na gaanong palagamit o archaic forms na ginagamit na lang ng mga matatanda roon. Halimbawa, ang **katabay** (unti-unti), ginagamit din ito sa Pil at Pat, pero sa Pil, sa pangingisda lamang. Naririnig din sa Mal ang salitang **piliwak**, pero salitang archaic na ito at mas gamit doon ang **tapilok**. Sa halip na sabihin ang **inin**, ang ginagamit sa R_2 ay **linggin**. Ito'y maririnig rin sa Car pero gamit rin dito ang **in'in**. Ang tawag ng mga taga- R_2 sa panganay na kapatid na babae'y **kaka** at ang sumusunod sa panganay o nakakatandang kapatid bukod sa panganay ay **ate**. Kaya nagkaroon ng espesyal na kahulugan sa R_2 ang salitang **ate** na ginagamit sa lahat ng ibang bayan ng R. Kapansin-pansin din ang kahulugan ng salitang **bagang** at **panga**. Sa R_2 , ang **bagang** ang tagiliran ng mukha at ang **panga** ang malalaking ngipin sa likod ng bibig. Isa lang ang bayan na ganito rin ang paggamit ng dalawang salitang nabanggit. Ito'y ang kapit-bayan na Ang. Sa R_2 lang maririnig ang salitang **hao** na ginagamit kapag sumasangayon. Ito'y ang **oo**, **hoo** at **huo** na ginagamit sa iba't-ibang

bayan ng R maliban sa Tay.

Nakita natin sa diskusyong nauna na madalas na meron mga salitang nagkukompitasyon sa loob ng isang bayan, kaya't sa mga ilang bayan, hindi lang isang salita ang ginagamit para sa iisang kahulugan. Ito'y indikasyon na hindi pa nakukompleto ang pagtanggap ng inobasyon. Ginagamit ang alinman sa nagkukompitasyang salita. Mey kahirapan pasyahan kung alin sa dalawa ang inobasyon o kung alin ang makalumang salita. Mahalaga ito sa pagtatatag ng relik erya dahil kung maipapakita na ang mga salitang laganap pa sa relik erya'y makaluma, magagamit itong katunayan na nakaresis ng inobasyon ang eryang ito. Mey ilan salitang mapipili sa listahang ginamit sa reserch na ito na naglalarawan ng pagkukompitasyon ng mga salita sa mga iba't-ibang bayan. Isang maiging halimbawa'y ang **bilaok** at **hirin**. Sa Nav, Mal, Pat, Mon⁸ at SnM, ginagamit ang dalawang ito. Pero sa mga bayan ng Ca, Ant, Tay, Car, Ter, Mor, Bar, Pil at Jal, **hirin** lang ang ginagamit. Sa Ang at Pas, nagkukompitasyon naman ang **bilaok** at **bulunan**. Mapapansin na ginagamit sa mga bayan sa paligid ng GM ang **bilaok**. Sa GM, **bilaok** o **bulunan** ang maririnig. Sa ganito, maaaring isipin na ang inobasyon, ang **bilaok**, ay nakarating sa mga bayan ng R na nasa paligid ng GM, at ang mga bayan buhat sa Ca at paloob, pati na ang R₁ at R₂, ay hindi pa nararating ng aysoglos na ito. Sa katotohanan, hindi pa masasabing buong natanggap na ang inobasyon sa mga bayan ng R na kung saan maririnig ang **bilaok** dahil sa hanggang ngayon nagkukompitasyon pa rin ang dalawa roon. Ito'y isang katibayan din na ang **hirin** ay mas lumang salita sa bayan ng R.

Isa pang halimbawa'y ang mga salitang **bulo/bul'o**. Ang **bul'o** ay maririnig sa Car, Mor, Ter, Tan at Jal. Sa Nav, Mal at Pil naman, binibigkas ito ng walang impit o glottal stop, **bulo**. Sa mga bayan na maririnig ang **bulo** (walang impit), maririnig rin ang **guya**. Hindi lang mey kakumpitasyon na ang salitang **bulo**, nawalan na rin ito ng isang tunog, ang impit. Sa lahat naman ng ibang bayan ng R, **guya** ang ginagamit. Halos katulad nito ang paris na **biik - kulig**. Sa Bar, Car at Mon na lang ginagamit ang **kulig** na walang kakumpitasyon. Sa SnM, Pil at Jal, gamit din ang **kulig** pero maririnig din ang salitang **biik**. Laganap na sa mga iba pang bayan ng R ang **biik**. Sa Mon, mey kaibahan ng konti

ito; ang sinasabi rito'y **buwik**.

Tignan naman natin ang **hahakbang** at **lilipot**. Nagkukompitasyon ang dalawa sa mga bayan ng Pas, Pat at Pil. Sa Pat, halos hindi na gamit ang **lilipot** at mga matatanda na lang ang nagsasabi nito. Ang mga bayan na gumagamit ng **hahakbang**, at hindi **lilipot**, ay nasa paligid ng GM tulad ng SnM, Mon, Pas, Pat, Mal, Nav at Mar. Dalawang bayan lang sa kalooban ang ganito rin ang sitwasyon, ang Bin at Pil. Madaling bigyan ng dahilan ang pagtanggap ng Bin ng inobasyong **hahakbang**. Tulad ng nasabi na, isang bayang industriyal ang Bin kaya't maraming dayuhan ang nanirahan doon. Mas mahirap ipaliwanag ang pagtanggap ng inobasyon sa Pil. Ang karamihan ng mga tao roon ay mey mga kamag-anak na lumipat na sa Manila, o kaya't nagtrabaho sa Manila o sa ibang lugar dahil sa di-gaanong umunlad ang bayan na iyon. Noong keylan lang nagkaroon ito ng elektrisidad at hanggang ngayon, pangingisda at pagsasaka sa mailiit na paraan ang hanapbuhay ng mga tagaroon. Dinadala pa nila sa Tan ang mga produkto nila para maipagbili at doon din sila namimili. Malamang dahil sa palipat-lipat ang mga taong-bayan, nakakarating ang mga inobasyon doon. Kaya lang, napakaraming inobasyon ang naresis nila. Dahil sa kadalasan ng pagtutungo ng taga-Pil sa Tan, dapat wala na halos pagkakaiba ang mga salita ng dalawang bayang ito. Pero makikita sa mapa na makapal ang pagkukumpul-kumpol ng mga aysoglos sa pagitan ng dalawang bayang ito.

Ang halimbawa naman ng **ulalo**, **abor/aburan** at **tanga** ang ating pag-aralan. Masasabing halos kumpleto na ang pagtanggap ng **ulalo** sa lahat ng bayan. Sa Car at Ter, parehong gamit ang **ulalo** at **abor/aburan**, at nakakalamang ng konti ang nahuhuli. Sa Bin at Jal, ang tawag rito'y **tanga**.

Maraming salita sa mga sinali sa pag-aaral na ito na kalat ang distribyusyon. Halimbawa, **kulig**, **kita/kata**, **hane/hana**, at **diladila**. Mey dalawang posibilidad dito. Maaaring ipalagay na noong una, laganap sa buong erya ang mga salitang ito. Sa mga nakaraang panahon, walang namamagitanang lugar na hindi ginagamit ang mga nasabing salita. Pero sa katagalan, inabot ang mga ibang bayan ng inobasyon at tinanggap ang mga ito. Nagkaroon naman ng mga bayan sa pagitan ng mga ito na hindi tumanggap

ng inobasyon. Kung gayon, masasabi na luma ang mga salitang ito. Maaari naman na kalat ang distribusyong ng mga salita dahil nadala sa iba't-ibang lugar ang inobasyon at hindi magkarugtong na bayan ang tumanggap ng mga ito. Pero keylangan din bigyan ng konsiderasyon ang mga ibang bagay na maaaring magpatibay sa disisyon na bubuoin.

Ang isang bagay na keylangan bigyang konsiderasyon ay kung palipat-lipat at laging nagsisilakbay ang mga taong-bayan ng nasabing lugar tulad ng mga komersyanteng nakakarating kung saan-saan, o dahil nakakaakit ng taga ibang lugar ang mga hanapbuhay sa mga bayang ito. O di kaya, kung ang mga taong-bayan ay namamalagi lang sa bayan nila tulad ng mga mangingisda at magsasaka. Kapag itong huli ang sitwasyon, at namamalagi sa isang lugar ang mga taong-bayan, malamang ang mga salita nila'y dating gamit at hindi mga bagong inobasyon. Kaya kahit na kalat ang mga salita sa mga lugar na hindi magkarugtong at maaaring isipin na ito'y mga bagong inobasyon dahil nakakalat ang mga ito, o kapag nabubuo ang mga lugar na iyon ng mga taong laging tumitigil doon, masasabing ang mga salitang ito'y mas luma. Kung iyong unang nabanggit ang sitwasyon at hindi nakatigil ang mga naninirahan doon, malamang mga bago o di-kaya'y mga bagong inobasyon ang mga salita.

Kaya, minumungkahi ko na noong una, mey daylek o sabdayalek na mahihiwalay sa erya ng R. Halos hinahati ang R ng hangganang ito (kasama rito ang R_1 at R_2). Tumatakbo sa pagitan ng Ant at mga bayan ng Tay, Ang, Ter at Tan ang makapal na kumpulan ng mga aysoglos. Makikita ito sa mga Mapa C at D. Nang lumipas ang matagal na panahon, naaabot na ng mga inobasyon ang mga bayan gaya ng Ang, Bin, Tan, Pil at Jal pero nagresis sa karamihan na inobasyon ang Tay, Ter, Mor, Car at Bar kaya't nagkaroon ng R_1 at R_2 . Nakalarawan din ito sa Mapa B ng mas makapal na kumpulan. Ang Ang, Bin, Tan, Pil at Jal naman ay matatawag na mga transisyon erya dahil sa halos pareho na ang mga salita nila sa mga ibang parte ng R, o kaya, dahil hindi gaanong maraming aysoglos ang naghihiwalay sa bawat isa sa mga ito sa ibang bayan ng R. Kung gayon, masasabing sakop na o halos sakop na ng R ang mga bayang ito.

Keylangan lang alalahanin na ang isang dayalek, kaparis ng alinmang wika'y walang tigil na nag-iiba. Ang pag-iiba ng ekonomiya, ang pagpapasok ng mga bagong

konsepto o ng mga bagong bagay na ginagamit sa araw-araw na pamumuhay, ang pagpapasok ng mga dayuhang galing sa mga ibang parte ng bayan at iba pa ang ilang dahilan ng pag-iiba ng isang dayalek dahil sa nagkakaroon ng mga salita na ginagamit na pantukoy sa mga pagbabagong ito. Dahil dito, tuloy pa rin ang pag-iiba ng mga salita dahil tuluy-tuloy ang pagbabago ng nilalarawan na kalagayan ng salita sa eryl ang napiling pag-aralan.

MGA NOWTS

1. Nav-Navotas, Mal-Malabon, Pat-Pateros, Pas-Pasig, Mar-Marikina, SnM-San Mateo, Mon-Montalban, Ant-Antipolo, Ca-Cainta, Tay-Taytay, Ang-Angono, Bin-Binangonan, Ter-Teresa, Mor-Morong, Car-Cardona, Bar-Baras, Tan-Tanay, Pil-Pililla, Jal-Jalajala.
2. Felix de Huerta, Estado Geografico ... (Binondo: Sanchez y Ca., 1865), p. 104.
3. Ibid.
4. Nagpapasalamat ako kina Prop. Emelita Cruz at Dr. Lydia G. Garcia sa tulong nila sa pagbubuo ng nasabing listahan at sa pagkokolekta ng ibang datang ginamit dito.
5. Ang ' ay impit o glottal stop.
6. Roger W. Shuy. Discovering American Dialect (Champaign, Illinois: NCTE Publications, 1967), p. 34.
7. Huerta, op. cit.
8. **Bilatok** ito sa Mon.